

NCAPA COVID-19 Resource:

Updated 5/1/2020

AAPIERN.ORG

Appointment / Check-In sa ICE habang may COVID-19

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong appointment o check-in sa ICE?

- Dapat mong tawagan ang pinakamalapit na opisina ng ICE. <https://www.ice.gov/contact/ero>

Kailangan ko bang pumunta ng personal sa ICE appointment ko?

- May appointment ka pa rin ngunit hindi mo kailangang magpunta ng personal. Kinansel ng ICE ang lahat ng personal appointment or pagpunta sa opisina o sa bahay. Ang appointment ng ICE ay malalaman gamit **ang telepono o email / electronic**. Ito ay magpapatuloy hanggang ang patuloy na ipapatupad ang pagpapanatili sa bahay o kung ihayag ng ICE na hindi na delikado ang COVID-19 sa mga personal na miting.

Ano ang dapat kong gawin kung alam kong hindi ako makakapunta sa nakaschedule na appointment sa ICE?

- Dapat mong tawagan ang opisina ng ICE na pinakamalapit sa iyo. Dapat mong iwan ang iyong: **pangalan, A- number, at telepono**. Ikokontak ka ng ICE para sa karagdagang direksyon para sa iyong appointment.

Paano kung hindi sinasagot ng ICE ang mga tawag ko?

- Dapat mong ituloy ang pagtawag sa [pinakamalapit na opisina](#) sa iyo. Dapat mong iwan ang iyong: **pangalan, A- number, at telepono**. Ikokontak ka ng ICE para sa karagdagang direksyon.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay kasama sa Intensive Supervision Appearance Program (ISAP) at meron akong nakaschedule na appointment sa ICE?

- Kung ikaw ay kasama sa Intensive Supervision Appearance Program (ISAP), hindi mo kailangang magpakita ng personal maski sa pagbisita sa opisina o sa bahay. Telepono ang gagamitin sa pagrereport sa ISAP.

Paano kung ako ay kasama sa ISAP at hindi ako makarating sa aking nakaschedule na appointment sa ICE?

- Kung sakaling hindi sumagot ang specialist, mag-iwan ng mensahe, kasama ang iyong pangalan, A-number at telepono.



**COVID-19
TASKFORCE**



Additional Resources

- ICE - FAQs on Immigration Enforcement and Check-Ins: <https://www.ice.gov/coronavirus>
- ICE - Contact Information for Field Offices: <https://www.ice.gov/contact/ero>
- NYC Mayor's Office of Immigrant Affairs - Resources for Immigrants During COVID-19: Status of Immigration Proceedings and Enforcement: <https://www1.nyc.gov/site/immigrants/help/city-services/resources-for-immigrant-communities-during-covid-19-pandemic.page>